**2016 CPMA ENTRY**
**TULA**

# #PagsisiyasatSaSugat

*Mula sa Paglalaro* | Mula sa Karaniwang Perigrinasyon | *Mula sa (Hiling ng) Pakikipagkaibigan* | Mula sa Nagkasalising Pagtatagpo | *(Sa Nabalam na Huling Paalam)* | Mula sa Pagkilala sa Matatalas na Bagay | *Mula sa Paghahalughog sa Loob ng Aparador* | Mula sa Pinsalang Nililikha ng Mata | *Mula sa Huling Pag-uusap* | Bago ang Pagtanggap

## *Mula sa Paglalaro*

Lalaging palaisipan kumbakit madalas nagwawakas sa sugat
ang laro ng mga bata. Ang lahat ay nag-uumpisa sa pagsasara

ng talukap. Ilalapat ko ang aking kamay sa ibabaw ng mukha
saka bahagyang pipikit, pakikinggan ang pag-ihit

ng sariling hininga habang sinisipat mo isa-isa
kung may siwang bang nakalingid sa lambong ng palad

o kung naroroon pa ang mga guwang na sadya kong iniiwan
upang paglapat ng iyong pitik ay kagyat maaninag

ang malabong hugis at anino na imumuwestra ng iyong daliri.
Alam mong sa ganyang paraan madalas mangyari

ang pandaraya. Kabisado natin, palibhasa, ang pangamba
ng isang taya, ang paulit-ulit na pagtanggap ng trauma

ng katawan, hanggang maging balatkayo sa hinaharap
ang maraming kalyo at peklat, hanggang ito ang ganap

nating maalala bilang itsura ng ating balat. Gayunman,
mas malimit ang saglit na atubili akong magkandado ng mata

sa takot na anumang oras ay baka bigla mong madama
ang pagod, magpasiyang tumalima sa utos ng magulang,

humangos pauwi kung saan alam mong hindi kita
maaaring sundan. Dahil dito kung kaya kahit kalkulado ko na

ang kombinasyon at estadistika ng gagawin mong
pagtitipon-tipon ng daliri, mas pinipipili kong ilahad sa iyo

ang mga hula na mali. Kahit matuklap ang aking balat
sa lagapak ng pitik, hindi ko pa rin ibibigay

ang sagot na ibig mong marinig. Sa halip, tatanggapin ko
ang hapdi bilang sukli sa katiyakang naririyan ka lamang

at di pa umuuwi, upang sa muli't muli maaari akong umasa
na sa pamamagitan ng tangan-tangan kong sakuna

ay maipaunawa sa iyo ang tungkol sa pagkakapareho
at pagkakaiba ng mga sugat na ipagmamalaki ko

at mga sugat na patuloy kong itatago sa iyo.  Na itong una
ay ikaw sa ating dalawa ang mas mabilis makakikilala

sa pagsisiyasat sa aking balat, sa pagtuklas ng kasaysayang
matagal nang nasusulat sa wika ng mga pilat: ang kartograpiya

ng iniwang kalmot ng palagiang pagkayamot; ang topograpiya
ng pasa na pinaalsa ng ating pagpapabaya; ang kontinente

ng galos mula sa ilang-beses na pagkakadapa;
ang dagat na lubhang pinaaalat

ng luhang di natin agad pinaaampat. Lahat ng iyan
ay itatanghal ko bilang katibayan

ng di ko pag-ayaw sa larong ito. Samantala,
ang mga sugat na patuloy kong ikahihiya ay makikita lamang

kung ikaw ang taya. At ang lahat ay magtatapos sa pagsasara
ng ating talukap, sa pag-alala sa mga malimit nating malimot

habang nakadilat:  na ang hapis na mayroon tayo
ay singhugis ng mundo, walang hangganan, walang dulo;

na ang ating himutok ay isang bundok, hindi mahuhukay
ng kahit na sino; na ang sinasarili nating pag-iisa

ay isang isla, walang ligtas sa unos na maaaring manalasa;
na ang ating pagkabalisa ay isang bansa,

impeksyong di mapigil sa paglawak ang teritoryo
ganitong hindi na kayang sakupin ng haplos

ang mga lapnos sa puso nating nasasalanta nang buo
sa iba't ibang pangalan ng bagyo.

Sa sugat nagmula kaya sa sugat din ang punta. Ito ang taimtim naming kumpisal,
O Ama; isang pagsasakdal na nagsasadlak sa amin sa habambuhay na sentensiya
ng pagpapabalik-balik sa mga gastado at saulado nang ruta
sa nangingitim na balat ng antigo *m*ong lupa. Ito kami sa lilim ng tanghaling-tapat.
Mangyari'y banayad *m*o ngayong pinasusulak ang bawat handog *m*ong sugat,
pinapakilala sa aming pagtahak ang lahat ng nilikha *m*ong bitak:
mula sa lubak ng kalsada hanggang pader na walang palitada,
sa natutungkab na kongkretong nakadagan sa malapot na alingasaw
ng namumuwalang imburnal, baradong agos ng sipuning kanal, kulapol ng lusak
at iba pang paltos na maingat *m*ong ibinurda sa aming mga estero't eskinita.

Ipagtatapat ko sa *i*nyo na sa ganitong pag-uungkat ng nakatagong hiwa
nagsisimula ang aming pag-unawa sa pang-araw-araw na kirot.
Uumpisahan ko ang lahat sa paghuhubad ng aming suot
na sapatos, sa akto ng pagharap namin sa ultimong pagtutuos: *P*agtalima
kontra *U*tos, kung saan ang humihikab na agwat
sa pagitan ng pagkaligta at pagtupad ay 'saktong sinasaad
ng kung hanggang kailan namin kayang akayin ang bigat
ng pusong malaon na naming inilapag
ang kumpiyansang binubuhat. Na ang ibig ipadalumat, oras mapunit
ang suwelas ng malay, at magsimulang manuot sa kaluluwa
ang init ng aspaltong kanina pa umiiwa sa talampakan
ng aming pangangalay – ito ang hudyat ng paghinto, ang yugto ng pangamba
sa anumang bagay na maaaring ikadapa o ikapilay. Sa ganyang paraan
nagsisimula ang mababaw na sugat ng aming alinlangan.

Kung paluhod naming babagtasin ang sandaigdig na pagitan
mula sa plasa, tungo sa katedral ng de-takal naming pag-asa,
pangungunahan ko: bago pa man umabot sa pinto, maaaring naipagkanulo na kami
ng pagdadalawang-isip ukol sa katapatan at dala-dalang pananalig
ng iba pang kasalubong at kasabay rin naming tumatawid
sa mahabang alas-dose ng kanya-kanya naming pagbabaka-sakali:
burikak at bugaw na di pa nasesepilyo ang samyo ng napanis na araw;
mandurukot at manghuhula na nakaabang sa pagbaling
ng aming pananampalataya; tindera ng tinubog na pangako
at sumpang kinalburo; piratang tagalako ng pare-parehong trahedyang
nagkakatalo lamang sa antas ng haba at labo. Papunta dito,
makukuwenta kung gaano kamura maaaring tawaran ang pakikipagkapwa,
lamang sa tatlo-isandaang halaga, parating may gasgas
ang ibinabayad naming tiwala. Ito ang tinatawag
na palagiang sugat ng aming hinala.

Sa aming pagsulong palusong sa sinapupunang tagapag-anak
ng lahat ng imperpeksyon at impeksyong pawang nagnanaknak
sa ilalim ng kalsada, daratnan namin ang mag-inang nakasalampak

sa hagdan-hagdang hantungan ng kalat at basurang
winawalis namin buhat sa abenida. Kung pipilitin naming kapain
para sa kanila ang bubog ng luhang bumabara
sa mga alkantarilya ng isinusukang hapis ng kalooban
at isiping baka sa ganitong pagpapalalim ng sugat at uka
maigagawad ang pansamantala nilang katubusan at pagpapala,
malamang maubusan kami ng isasanglang awa
dahil dito sa siyudad kulang ang habag
na kayang iambag ng buong daigdig
upang punuin ang isang maliit na basong plastik:
Ito, O Ama, ang itsura ng sugat naming pabalik-balik.
Sapagkat kailanma'y hindi namin mababatid
na di maghihilom ang singaw sa kanilang gilagid
hangga't hilaw ang hinahain naming kanin at pag-ibig;
na di magmamanhid ang salubsob sa humihilab nilang bituka
hangga't hitik sa tinik ang isinusubo naming isda at pagkalinga;
na di mapapalis ang panginginig sa mga daluyan ng hangin sa dibdib
ganitong di nawawala ang pait sa isinasalin naming alak at halik.

Gayunman, ituro *m*o kung paano tuklapin
ang sala-salansan naming balatkayo
nang sa gayon ay masukat ng aming balat ang lalim at lawak
ng hinuhukay naming pagdanak.
Pahintulutan *m*o kaming makauwi nang ligtas
sa katahimikan ng bakante naming uniberso, upang doon,
pagsapit ng sandali na walang ibang tao
ay lubos naming matastas ang mga langib at kalyo
na naglilingid sa aming pagkukunwari.
Itulot *m*o, O Ama, ang walang-hanggang pag-unawa
sa mga bagay na di saklaw ng aming paniniwala;
sa mga yabag na di pinaparinig ng aming tenga;
sa mga gabay na di pinapakita ng aming mata.
Itulot *m*o ang uhaw na di huhupa sa aming lalamunan.
Itulot *m*o ang kirot na patuloy na tutusok sa aming likod at tagiliran.
Itulot *m*o ang tinik na kukuyom nang mahigpit
sa bumbunan ng isip. Itulot *m*o itong mga sakit
na patuloy sa aming magpapaalala
na sa bawat sinasanhi naming kalamidad
at mga pinsalang pinalalala,
higit na malalim ang laslas na nalilikha
para sa uka-uka na naming kaluluwa.

## *Mula sa (Hiling ng) Pakikipagkaibigan*

Itatanghal ko sa iyo ang aking kabuuan
bilang tipan sa pagnanais kong maging tapat
tayong magkaibigan. At sang-ayon sa panuntunan
ng lahat ng pakikipagkasunduan, ilalantad ko
ang pinakatatago-tagong gurlis at lesyon
na bumabagabag sa katawan, nang sa gayon
iyong maintindihan ang pagkakawangis ng ating mga kapansanan
at magsilbi itong senyal na magpapahintulot
upang igawad sa akin ang tiwala mong walang-hanggan.
Naririto ako, ang buo kong sarili: ang kontradisksyon
ng aking tama at mali; ang bangayan ng aking dahas
at pagtitimpi; ang tunggalian ng aking maliit at malaki;
ang kalipunan ng aking mabigat at magaan;
ang tagisan ng hinahon at silakbo; ang halayhay
ng aking makulay at matamlay. Ang buo kong sarili
na magagawa kong ibuod sa mga status na sintunado,
sa inuulit-ulit na sentimiyento sa timeline
ng Instagram at FB, sa mga larawang pino-post,
'kinakalat, hinihiram nang walang pasabi.
Pansinin mo ngayon kung paano ko ibinabahagi
ang mga hinalaw na palahaw at dalamhati,
ang mga balang-araw na naisaisantabi
ang mga naunsyaming pagbabaka-sakali,
ang saklaw ng aking panglaw na nais kong gawing lehitimo
sa pagsusumamo ng pagkukudlit mo ng nakausling hinlalaki
habang ipinapaubaya sa di-maintindihang algoritmo
ang mga hinuhugot kong pagkukubli: *Ang larawan ng ulam*
na alam mong matabang na panghimagas
sa pagas na tanghalian; *Ang baso ng kape*
na kabisado mong maligamgam palagi
at di sapat upang banlian ang umaalingasaw
na bangungot gabi-gabi; *Ang panorama ng biyahe*
na nagpapalimot sa akin sa landas
pauwi sa totoo kong sarili; Ang pagmamadali parati
humagilap ng ngiti sa selfie, maghubad
at magsuot ng panibagong balat
na papalamutian lamang sa kalaunan
ng mga kinikimkim na disgrasya --
lahat ng ito ay hindi ko ililingid sa iyo,
ikaw na may hawak ng katawang pagtitirhan
ng kaluluwa kong walang ibang mauuwian:

Kilalanin mo ako sa mga sugat na hindi ko maiiwan.

Bawat guhit ay perpekto ang haba
hanggang matutunan natin kung paano
magsukat ng agwat.

Tandaan mo ang lahat. Ang kinalalagyan mo
ang unang punto. Hindi ka dapat magtakda
ng panuntunan para sa tulin at kupad
ng mga bagay na kasabay mo sa paglakad
papunta rito. Hindi ka dapat magmadali,
sapagkat ang iyong pagmamadali
ang mismong nagsasanhi ng hindi pag-ikli
ng pila sa elevator; hindi ka dapat magbilang ng sandali,
sapagkat ang pagnanakaw ng sulyap sa relo
ang siyang pumupukaw sa lahat ng tao
upang pare-pareho nila maisipang
itapon ang kanilang anino
sa mga bagon na hihimpil sa bawat palapag.
Ngayon, tingnan mo kung paanong awtomatikong
tumitigil ang lagitik ng panahon
ganitong nabibilasa ang iyong pananabik
sa waring lalong hindi pagkitid ng pagitan
ng kinaroroonan mo sa kinaroroonan ko
kahit hindi ka pa nagtataas ng paa
at humahakbang palayo, kahit hindi ka pa natitinag
at lumalabas mula sa karwaheng pawang walang puwang
maging para sa bagaheng hindi mailapag
ng kalooban mo. Pansinin mo kung paano natin nilalabag
ang natural na galaw ng mundo
sa pagkakataong, paminsan-minsan,
ay ikaw naman at ako
ang umiiral nitong sentro.
--
Mistula tayong dalawang puwersa
na naghahatakan palapit
sa bawat isa. At sa wakas,
ngayong magkaharap na tayo,
natuklasan nating kulang pala
ang lakas na naglunsad sa atin patungo rito
upang mapunan nang ganap
ang kaylawak pang espasyo.

Sa kinauupuan natin
wala tayong ibang maaaring gawin
kundi panoorin ang ikot ng daigdig.
Tayo ngayon ang di natitinag na punto

ng lahat ng bagay na pumipintig sa paligid:
ang ingit ng mga nakasakay
sa masikip na biyahe pauwi,
ang inip ng mga nasakal sa mahabang trapik,
ang hilik ng mga nabalahong panaginip
sa ista-istasyong pagmamadali
ng pag-ibig na kapwa naubusan din tayo
ng iaabot na sukli.

Hindi ka uupo sa aking tabi.
Mamamagitan ang bigat ng salitang
hindi natin masabi, ang mga pag-amin na nilimot
at mga nilumot na pasintabi.
Hindi mo dadamitan ng serbilyeta
ang panginginig ng serbesa. Hindi mo ipapatong
ang iyong kamay sa mesa,
maiiwan silang nakahalukipkip sa pagitan
ng iyong hita, na  wari bang may hawak kang sugat
na hindi mo maaaring ipakita.
--
Matagal nating pinagtatalunan kung ang timbang ba ng pagmamahal
ay masusukat sa pagpapahalaga sa anumang di magtatagal
at masisira din sa kalaunan. Kunwari ay isang tasa ng tubig
na inaabangan natin matapyas ang hawakan
sa halinhinang salin ng lamig at init, o isang tapat na pag-ibig
sa bahay na kinalakhan pero nakatakda mo ring iwan,
o isang komportableng puwesto ng katawan sa higaan
na pangangahasan mo pang hanapin kung nasaan
gayong alam mong babangon ka maya-maya rin lamang.

Kumbakit palagi nating tinatantiya ang bigat ng bagay
sa pagtatakda ng katumbas nitong halaga oras maglaho,
batay sa humigit-kumulang ng ihahabilin nilang kawalan.
Ang diametro ng buwan ay sinukat ng sinaunang tao
gamit ang nalabi nitong anino sa alikabok.
Ang katapatan ng lungkot ay pawang malulurok
sa hapdi ng luhang pinagdadamot nating mahulog.
Ang igting ng damdamin ay sinasalamin
ng di-mabigkas at nililihim na pag-amin.
Ang kaganapan ng paglisan ay karaniwang pinagsasaluhan
ng isang hindi dumating at isang hindi nagpaalam.

Kung sinasabi mong malaon ka nang gumaling at nakalayo
buhat sa lahat ng sugat na dinulot ko,
magdududa ako kung paano mo nagawang gamutin nang wasto
ang mga sugat na di naman ganap na sumaiyo?

Napakadaling isilid palayo sa isip
ang maraming bagay. Parang ganito:
kahit pa ulit-ulitin natin ang pagparito
sa pagtatangkang matunton
ang lihim na liko at lagusan
sa nilulumot na katakumbang
inukit nating pareho
sa kaloob-looban ng ating puso –
mangyari, bago pa man mapagtagpo
ang mga nilulubid na babala
upang magbigay-tanda sa bulwagan
na dati nang natuluyan, gayundin
sa mga silid na pakiwari natin
ay ngayon pa lang napuntahan,
malamang kapwa din tayo mawala
o di kaya'y mabulid sa pagkalibang
dahilan kaya hindi natin masumpungan
ang mga lingid na labasan
at palaging nalalampasan
kahit ang mararahang likuan
hanggang parehas tayong maubusan
ng paliwanag at pangalan
para sa uusbong na panibago
na namang kalituhan. O minsan,
sa mga umaga, pagkagaling mo
sa kinasanayang pamimitas
ng kung anupaman ang nalabi
mula sa pagtatapat na di mo nabigkas
noong nakaraang gabi, maingat
mong isasaayos ang mga salita
sang-ayon sa tingkad o dilim
ng bawat letra, tulad ng bulaklak
na masinsing isinalansan
sa loob ng plorera. Ngunit sa halip
na iabot ang tungkos sa akin,
muli pipiliin mong itabi ang mga talulot
kung saan walang makakakita,
kung saan walang lapida at kandila
ang ibubuhos mong lungkot. Gabi-gabi
ay paulit-ulit tayong pumaparito
sa ating labirinto. Dinaratnan natin
ang mga dati-rati nang kalat: upos
ng sigarilyo, tiket sa bus, di natapos
na hapunan, bote ng serbesa, dawag
ng damuhang nagkukubli

sa kanya-kanya nating daan pauwi.
Gabi-gabi, paghimlay ng tagulaylay
na itinotono ng iyong mensahe
sa kabaong ng aking telepono,
batid ko na agad ang sinasaad nito:
na di mag-isang kinakabig ng mga nitso
palapit sa bawat isa ang isla-
isla nilang sikreto, sanhi kumbakit
kahit sa paglipas ng habampanahon,
ang malaking kontinenteng bato
ay hinding-hindi mabubuo. Wika mo,
dahil dito, kung kaya ang sandali
ay kailangang magtapos parati
sa ganito: Una akong lalabas ng pinto.
Isusukli mo ang ngiting taglay ang lamig
ng sambuong sementeryo
habang ang Langib na maiiwan
sa ating hangganan, tuwing pababa ako
sa matarik na hagdanan,
'kamo iyan ang pinakamagaspang
sa lahat ng dalampasigan;
at ang humihikab na Sugat
sa ating harap, iyan naman
ang pinakamalalim na dagat.
Hahakbang tayo palayo
at pansamantalang maglilimutan,
magdamag na pagtatakhan
kumbakit kailangang paligiran palagi
ng galos ang magagandang bahagi
ng mga puso nating
paulit-ulit na nagbabaka-sakali.

### *Mula sa Pagkilala sa Matatalas na Bagay*

Puno ng bubog ang ating alaala.
Isa-isa natin itong ‘kinakalat
sa bahaging hinahakbangan ng paa,
o kung wala, kapwa tayo maghahanap

ng ibang bagay na maaring basagin
upang ilagay sa daraanan natin.
Gabi. Dinuduro ng ulan at hangin
ang lansangan. Sa ating pag-aapura,

kumawala sa sakmal ang isang bote
ng San Miguel. Bumubula ang kalsada
sa tila-asupreng langgas ng serbesa.
Nirarayuma ang aspalto't asera

nang pulutin ko ang nadurog na butil
habang sinisikap kong bigyan ng bansag
ang nalansag na kristal at ang pinsalang
maaari nitong ikintal sa balat.

Narito *ang nguso at labi*, singhugis
ng pagtatapat at pagsamong napipi.
Sa bahaging iyan tumalsik *ang leeg*,
yungib na lumululon sa lalamunang

hantungan ng kumpisal na di-masambit.
Ito naman *ang lungayngay na balikat*
buhat-buhat ang buhaghag na bagabag:
lumulundong bigat ng maling hinuha,

malisyosong bintang at palsong akala.
Sa dakong 'yan sumambulat *ang katawan*,
ang di makikilalang hugis ng gaspang
na gagahis sa kalmado mong ulirat

oras tangkaing ikuyom at pigilan
ang pag-alpas ng lumipas sa 'yong palad.
Sa ilalim, nariyan *ang isang kurba*:
hungkag na kawalan kung galing sa labas

natin titingnan, kulob na bukol naman
kapag mula sa loob mo pinagmasdan.
Ito *ang bilog na sakong sa puwitan*,
sumusukat sa tibay at karupukan

ng tinatakda nating mga hangganan.
Ngunit ang parteng pinaka-importante
na di na natin mababalik sa dati
ay ang gumuhong espasyong nasa gitna

ng tumilapon na bote. Buong gabi,
habang sinasaid natin ang nasalbang
serbesa, at itinatabi ang basyo
na pangkubra ng deposito, kumbakit

wala tayong nasabi sa bawat isa
kundi ito: na tuluyan nang nagbago
ang ating mundo; *tingnan mo, di pa tapos*
*ang tag-araw, heto na agad ang bagyo*.

### *Mula sa Paghahalungkat sa Loob ng Aparador*

Ang palaging pinakamalungkot na sulok sa buong daigdig
ay ang loob ng aparador. Bago maganap ang pag-alala
ay mahahalungkat mo muna ang mga di-sinasadyang paglimot:
mga resibong nalukot, baryang di naihulog sa alkansya,
relong hindi na gumagana. Mga bagay itong, gayong hawak mo pa,
ay nauna nang naglaho sa memorya, gaya ng linya
sa isang dasal na inuusal-usal mo mula pagkabata
subalit biglang nawalan ng bisa nang ikaw ay tumanda.

Pagkatapos ay may masusumpungan kang isang lumang kasuotan.
Isang paboritong bestida, halimbawa, na di-sinasadyang naitabi
at ngayon mo lang ilalabas muli matapos matupi
sa mahabang pagkaligta. May kung anong di maipaliwanag
na pangungulila ang sasagila sa gunita. Tulad ng aninong
nakasampay sa mga nakalimutang sulok, o samyo ng naptalina
na biglang ididighay ng mga dakong karaniwang hindi inaabot
ng iyong paghahalughog.

Mapapakamot ka ng ulo, mapapangiti sa mga niyakap na tatak,
yari, at estilo; manghihilakbot sa mga kulay na ibinihis mo
sa iba't ibang sumpong at sentimiyento. Mapupukaw ang iyong pagtataka
kung paano minsang napagkasya sa gayon kaliit na tabas ng tela
ang nakalipas na ikaw mismo ngayon ang hindi na makakilala.

Makukumbinsi ka na sama-samang nanahan sa mga istante
at sampayan nitong aparador ang kayraming multo
na sinuot at hinubad mo. May ilang tuluyan nang napaglumaan
at di na maipuwesto kung sa aling pahina ng nakaraan nakahiligan.
Madidiskubre mo ang mga memento ng mga sakunang pinulot
sa marami-rami na ring pakikisangkot. Maaaring sa anyo ng manipis na panyo
na ipinantapal sa kapansanan ng natatastas mong kalooban,
o isang lukot na bendang ipinambalabal para mahilot
ang paulit-ulit na pilay ng pansamantalang karupukan.

Mananariwa ang mga hiwa sa iyong malay, gaya ng isang litratong
hindi mo kabisado kung paano i-delete, o throwback na ngayo'y isinasauli
ng panahong hindi mo naman hinihiling manumbalik. Hindi ka handa
sa ganitong mga pagpaparamdam. Totoo palang nagpapakita
ang lahat ng nawawala sa huling lugar na iyong pinaghanapan.

Saka mo maiintindihan na ang tanging pagkakaiba ng nostalhiya
at payak na pag-alala ay batay lamang sa galimgim na gumagayak dito sa una.
At mananatili ang katahimikan sa bakanteng lugar na dating pinaglagyan
ng lumang bestida, sa mga puwang na hindi mo na uli mapunan,
sa mga nagambala na di mo na maibalik
sa dating ayos at pinanggalingan.

Sa puntong ito, pipiliin mong isara ang pinto. Hahakbang ka palayo,
di na muna hihinto para pulutin ang mga nabitiwang
alam mong di naman napasaiyo
kahit pa anong higpit ang tinangka mong hawak
at pagkapit sa mga ito.

## *Mula sa Pinsalang Nililikha ng Mata*

Higit sa kulumpon ng komun nating mga kaibiga't kakilalang
nagsasalu-salubong dito sa ating munting parihaba;
higit sa titulo ng mga nabasang libro, pelikulang paborito,
mga mantra at bersong sinipi, ninakaw at sinaulo;

higit sa ating pananampalataya sa sidhi ng kumplikadong
pagsinta; higit sa mga linya ng kanta hinggil sa pagpapakilala
sa mga lamat na nagsisimula bilang madilim na kulugo sa mukha
ngunit kalauna'y humahantong sa malalim at permanenteng uka

sa ating katiwasayan at pagtitiwala; higit sa kayraming gabing
atubili tayong magsiuwi kahit matagal nang tumabang ang kape,
higit sa di-masukat na hapdi na sinisikap nating gawing maikli
sa pangkaraniwang daglat ng *kumusta ka* at *sige, hanggang sa muli*,

higit sa lahat ng ito, higit sa kabuuan ng pansamantalang
ikaw at ako, ang tanging dahilan sa buong mundo kumbakit
bumabalik pa rin ako dito, ay para mamasdan ang iyong mata.
Ang iyong matang nakikipagtitigan gabi-gabi sa pag-iisa

ng aking anino. Ang iyong matang tinatanaw ko pa bago itabi
ang aking telepono. Ang iyong matang nais kong mamalas palagi,
lagpas sa pagkakataong hiniram at pinakiusap na sandali.
Sadyang hindi ko alam kung ano ang meron sa iyong mata.

Ang iyong matang halatang hinanapan mo ng pinakamahalinang lamlam
sa paulit-ulit na pagpostura sa kamera, na kung para sa akin
ay ayos lang naman, hindi kulang, hindi rin sobra,
sapat lamang upang dagdagan ng linamnam

ang magdamag nating kapwa walang lasa. Ang iyong matang
kumakawala sa bigkis ng antok, pinapalis ang marka ng bagot,
gayundin ang ibang lungkot na ibig mong ikaila
dahil pawang magandang itsura lamang ang nais mong ipakilala

sa daigdig mong tuwi-tuwina ay nakikibahagi, nakikilimot,
nakikidalamhati, nakikiwari sa mga pahiwatig na hatid-hatid
ng maalindog mong mata. Ang iyong matang pumapalis
sa mga gusot ng aking mukha. Ang iyong matang

nagpapasingkit rin sa aking mata, kusang pinapahid
ang testimonya ng maikling pagpupuyat at pagpigil ng iyak.
Kumbakit tuwing naaalala ko ang iyong mata
ay napupuwing ako sa gunita ng mga kalamidad

na dinanas ng sarili kong mata: Ang aking matang biglaang
tinubuan ng kuliti sanhi ng di-masawatang malisya ng pagkabata;
ang aking matang binalaang hindi maibabalik sa dati
oras masagi ng hangin ang nakatuping talukap;

ang aking matang lumiliyab sa palahaw at hikbi
sa bantang may lalabas na pari sa labis-labis na paggagalis
ng binti. Ang aking matang pumikit, kumurap, makailang-beses
nag-iwas ng pansin sa lumipas, subalit heto na naman ngayon,

waring hindi natuto sa leksyon ng pagkilala sa mga bagay
na malaon nang kumupas. Ang aking matang kusang kinakabig
ang aking titig pabalik sa malalim na kalawakang namumugad
sa iyong mata. Ang iyong matang higit kong iniibig

datnang lulutang-lutang sa ibabaw ng aking palad,
dumudulas nang pababa at paakyat, pakanan at pakaliwa,
gumagalaw  sa rabaw ng salamin sa isang hawi ng daliri.
Ang iyong matang mistulang sugat na hawak-hawak kong palagi,

nilalagom ang hinahon ng unibersong tahimik,
tinitipon ang kislap ng laksang bituin sa langit,
na batid nating hanggang diyan lamang ang silab
na kayang ihatid --- hindi lumalamig, hindi rin umiinit.

***Mula sa Huling Pag-uusap***

Ang  pinakamahirap intindihin sa lahat ng bagay
tuwing makikipag-usap ako sa iyo
ay kung paano magtatakda ng pananda para kalkulahin
ang layo na dapat tawirin ng salita
upang ipaunawa ang lawak at distansya
ng yakap-yakap nating pag-iisa.

Kung ngayong gabi ay papayagan mo ako muli
magkaharap-harap tayo pansumandali
at mula sa aking kinalalagyan ay mag-aabang ako
na parang debotong walang-sawang tumitingala at nananalangin
sa kailanma'y hindi-pa-niya-nakikitang hugis at itsura ng hangin;
kung sa pamamagitan ng tingin
na kaya kong patagusin sa manipis na screen
ay isa-isa kong bunutin ang butil-butil na pixel
na waring mga rematse at pako
sa tila kaylayong salaming nakaharang
sa isang buntung-hininga lamang nating pagitan
at magawa kong baklasin ang lahat ng tinakdang hadlang
mula sa puwestong pagmumulan ng aking tinig
tungo sa kinalalagyan mong hindi ko maaaring puntahan,
maririnig mo ba nang buo ang aking paglalahad,
ang puspos pa rin ng pag-ibig at pait
na gagawin kong pagtatapat?

Kung kikilalanin mo ang morpolohiya
ng tinitipon kong salita, hindi maikakaila
na malaon nang nag-anyong punit na papel
ang aking dila. At waring pahina
mula sa isang lamukos na sulat,
hihilingin kong buklatin sa iyong harap
ang mga pilyegong rumupok sa mahabang pagkakatiklop
dahil ngayong gabi, ramdam kong
hindi ko na kayang iselyo at isilid pang muli sa sobre
ang nanunumbalik na lungkot.
Kung iyong ipahihintulot, idadarang ko
sa iyong halik ang aking mga labi
'pagkat nais kong mamutawi sa init
ang mga titik ng nililihim kong mensahe
at ganap kong maipaalala sa iyo
ang panglaw na binabalangkas ko
sa mga parirala ng pagkaantala, sa pagkabisa
sa mga ritwal ng pangungulila.
Huwag kang mag-alala,

hahayaan kong malimot nang dagli
sa birtwal na memorya ang lahat ng ito,
pagkabasa na pagkabasa mo.

Mangyari, Ibig ko lamang ilahad sa iyo
kung paano nagsisimula
ang alinlangan sa mundo:
Na dati-rati ay may dalawang tao
at nang akala nilang lubos na
ang kanilang pagpapakilala sa bawat isa
at ubos na
ang yapos na maaaring ibalabal
sa kani-kanilang pangangatal
niloob na lamang nilang ipayakap
sa iba't ibang itsura ng sugat
ang kanilang katawan
hanggang malimbag
ang libag
sa kanilang balat,
hanggang kumumot
ang kalmot
sa kahubdan ng ulirat,
hanggang mapaskel
ang bilbil
sa mga liblib na tagiliran,
hanggang tumapal
ang pantal
magmula bungad
hanggang kailalimlaliman
ng kanilang katauhan.
Ngunit nang hindi nila naibigan
ang gayong kinahantungan
pinasya nilang iwan ang mga lugar
na malimit pagkadapaan
upang tulad ng lahat ng pagkakamali
na maaaring malimot bago pa man mangyari
ay magawa nilang pagtakpan
gaya ng pinamanang kahihiyan
ang lahat ng mga pinsalang
katibayan ng karupukan.

Kung pinakinggan mo nang maingat
ang ginawa kong pagtatapat,
mababatid mong nasaid na
ang salitang kaya kong hagilapin
upang pag-ibaibahin

ang kayraming anyo ng sugat.
Gayunman, kung iyong pauunlakan
umilanglang nang bahagya ang aking kaluluwa
at mula sa iyong punto-de-bista
ay sabay nating tititigan
pabalik ang iniwan kong sarili,
kapwa tayo mamangha sa hiwaga
kung paano natikom at naitago
ng gayong kanipis nating balat
ang lahat ng laslas at hiwa
mula sa pananabik at kalungkutan
para sa lahat ng pagbabalik at paglisan
na parehas nating pinag-atubilihang
bigyan ng kaganapan.
Saksihan mo ngayon ang mekanismo
kung paano nabubuo
ang mga sugat na di natin namalayang
dala-dala pala natin palagi;
tunghayan mo kung saang bahagi
ng aking bibig nababasag ang boses
tuwing nagtatagis ang dila,
tapyas na ngala-ngala, isang pares
ng natuyong labi, at maraming singaw
na bumuka sa di-mabilang na pagtanggi,
pagtakwil, at pagkakaila
sa mga halik na nakalimutan na nating ilagda;
tunghayan mo at iyong makikita
sa mga napanis na kataga
ang mga sugat na memoryado na natin
ang lasa ng naiiwang lansa sa bunganga;
tunghayan mo ang proseso ng paglikha
ng mga pangungusap na di nagtutugma,
ituon mo ang pansin sa kalagitnaan
ng aking kalooban, siyasatin mo ang lawak
ng binibitbit nitong kawalan
at kung paanong hindi magiging sapat
ang antak at ang mga pagdanak
na muli kong sinasariwa at inaapuhap
upang ipampuno sa mga puwang
ng namamagitang katahimikan
ganitong naririto muli tayo, magkaharap,
ngunit hindi pa rin magawang matutunan
kung sa paulit-ulit bang pagtanggap
ng iba't ibang sugat ng ating katawan
ay nadadagdagan ba o nababawasan
ang ating kabuuan?

## *Bago ang Pagtanggap*

At nais ko pang humiga nang matagal sa iyong kama
at maghalughog ng hulagway sa panaginip na makulay;
at papanuutin sa balat ang halimuyak ng hardin
na pinagbanlawan ng iyong kumot at punda
upang makabisado sa kalaunan ang lubog at diin
ng nagtatagis na bigat ng ating katawan
sa maalon na kutson, sa makinis na unan;
at malathala sa alaala ang huling linya
ng sasambitin mong kundiman at panalangin
kahit di man matapos 'pagkat malulusaw
at magsasa-laway din tiyak ang mga salita
mula sa iyong dila tungo sa aking dila
hanggang pahupain ng halik ang mga atungal
ng puso nating malaon nang napagal sa paggala.
Gawin natin ang lahat ng ito: sabay tayong pumikit
at hayaang magsanib ang simula at dulo
ng ating mga anino. Ngayon saksihan mo
kung paanong sa yugtong ito mismo,
sa pagsasara ng mata at pagbuka ng bibig,
matatamo natin ang lahat ng pag-ibig
na ipinipintig ng buong daigdig.

--

At nais ko pa sanang ipinid ang aking talukap
at isiksik sa pagitan ng pagdilat at pagkurap
ang isang mundong ililingid muna natin
mula sa karamdaman at mga paghihirap.
At kung mamarapatin, hayaang magsa-sugat
ang dalawa nating mata, upang matapos
nitong saluhin ang lahat ng salubsob at hiwa
mula sa di-sinasadyang pag-apak
sa mga peligrong sumila sa ating pagpapabaya,
sa mga panlilinlang na sumira sa ating pagtitiwala,
ay malagom natin ang malalim na sakit
sa pamamagitan lamang ng mahigpit na pagpikit.
Gawin natin ang lahat ng ito:
bago mo maisipang bumangon sa kama
at sabihing "Huli na. Ang lahat ay huli na";
bago ka bumaba upang matulog mag-isa
sa lumulundo mong sofa; bago manikip ang hangin
sa singkopado mong hilik; bago ko matunghayan
sa pagsasara ng iyong mata at bibig
kung paano nagigiba ang buong daigdig
sa pagkaantala lamang ng iisang halik.